ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

KARANASAN, KALAKASAN, AT KAHINAAN NG WIKAALAMAN: SALIGAN SA PAGPAPAUNLAD NG WEB-BASED NA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO

Joshua R. Sarmiento[1] Bingo B. Dela Cruz[2]
Bataan Peninsula State University, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra28286
DOI No: 10.36713/epra28286

ABSTRAK

Sa patuloy na paglawak ng paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay higit na lumilitaw ang pangangailangan sa mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa nilalaman ng kurso at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, sinuri ang WIKAalaman bilang web-based na plataporma sa pagtuturo ng kursong Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino upang matukoy ang naging karanasan ng mga gurong mag-aaral sa aktuwal na paggamit nito. Layunin din ng pag-aaral na matukoy ang mga kalakasan, kahinaan, at mga mungkahing pagpapahusay ng WIKAalaman. Gumamit ang pag-aaral ng kuwalitatibong pamamaraan partikular ang phenomenological na dulog upang masuri ang aktuwal na danas ng mga kalahok. Sampung gurong mag-aaral mula sa programang Bachelor of Secondary Education medyor sa Social Studies ng Bataan Peninsula State University–Balanga Campus ang napili bilang kalahok sa pamamagitan ng simple random sampling. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng semi-structured na panayam at focus group discussion. Sinuri ang mga tugon sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri upang matukoy ang mahahalagang tema mula sa tugon ng mga kalahok. Lumitaw sa resulta na positibo at makabuluhan ang kabuoang karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng WIKAalaman. Kabilang sa mga natukoy na kalakasan nito ang malinaw at organisadong nilalaman, interaktibong gawain, tampok na ugnayan o contact feature, at kakayahan ng plataporma na makatulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Gayunman, naitala rin ang ilang kahinaan at limitasyon, tulad ng mabagal na pag-load ng pahina, pangangailangan sa matatag na koneksiyon sa internet, limitasyon sa mobile view, at kakulangan sa biswal na pantulong. Bilang pagpapahusay, iminungkahi ng mga kalahok ang pagdaragdag ng voice-assisted features upang mapahusay ang aksesibilidad ng plataporma at ang pagdaragdag ng mga interaktibong gawain. Ipinakita ng pananaliksik na may kakayahan ang WIKAalaman na maging makabago, inklusibo, at epektibong kagamitang pampagtuturo sa kursong Kontesktwalisadong Komunikasyon sa Filipino.

MAHAHALAGANG SALITA: *WIKAalaman, web-based na kagamitang pampagtuturo, karanasan ng gurong mag-aaral, at Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino*

PANIMULA

Isa sa mga hamon ng ika-21 siglo sa larangan ng edukasyon ay ang mabisang integrasyon ng teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Bilang patunay, binigyang-diin ni Llego (2022), na mahalagang aspekto ng *21st-century learning* ang paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan. Dagdag pa niya na sa pamamagitan ng teknolohiya ay nagiging mas madali ang kolaborasyon at komunikasyon, at nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maging malikhain at mag-isip nang kritikal. Sang-ayon ito sa pananaw nina Berondo et al. (2021), mahalaga ang teknolohiya sa kasalukuyang panahon upang maging katuwang ng mga guro sa paghahatid ng dekalidad at epektibong pagtuturo. Binanggit din nila na nagiging daan ang teknolohiya upang magkaroon ng interaktibong pakikilahok ang mga mag-aaral. Iminungkahi naman sa pag-aaral nina Antipolo et al. (2024), ang pagsasaalang-alang at paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral ay makatutulong sa pagpapahusay ng kanilang akademikong pagganap.

Lalong umiral ang katuturan sa paggamit ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon nang magbago ang sistema ng pagtuturo noong 2020 bunsod ng pandemyang COVID-19. Kaugnay nito, binanggit nina Lynch, et al. (2023), dahil sa pandemya ay nagkaroon ng mabilis at malawakang paglipat mula sa tradisyunal na silid-aralan tungo sa pag-aaral at pagtatrabaho sa bahay sa pamamagitan ng mga makabagong kagamitang dihital. Ang biglaang transisyon mula sa nakasanayang harapang pagtuturo patungo sa *online* at *flexible learning modalities* ay naglatag ng panibagong hamon sa mga guro at mga paaralan. Sa ganitong konteksto ay binuo ang WIKAalaman bilang isang *web-based* na kagamitang pampagtuturo na nakatuon sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan sa wika sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya.

Ang WIKAalaman ay idinisenyo upang magsilbing interaktibong plataporma sa pagtuturo ng wika na gumagamit ng integrasyon ng *multimedia*, interaktibong *software*, at iba pang makabagong teknolohiyang pang-edukasyon (Sarmiento, 2025). Naunang nagamit ang WIKAalaman noong ikalawang semestre ng taong panuruan 2023–2024 bilang *web-based* na kagamitang panturo sa nasabing kurso. Binubuo ito ng iba't ibang tampok na bahagi kabilang ang *home page*, *profile page*, *navigator bar* o nilalaman, at *contact* o ugnayan. Nakapaloob sa *navigator bar* ang silabus, kalendaryo ng mga aktibidad, talakayan, at mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

gawain. Ang mga bahaging ito ay naglalayong gawing organisado, interaktibo, at madaling ma-access ang mga nilalaman, gawain, at kahingian ng kurso.

Layunin ng WIKAalaman na mapalawak ang estratehiya ng guro sa pagtuturo ng Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino (isa sa mga GE course na itinuturo sa unibersidad) at mapataas ang antas ng pakikilahok at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay ng layuning ito ay mahalagang balikan ang saklaw at tunguhin ng kursong KOMFIL bilang batayan sa pagbuo at pagpapaunlad ng angkop na kagamitang pampagtuturo. *Ang KOMFIL ay isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga mamamayang Pilipino sa kani-kanilang mga komunidad sa partikular, at sa buong lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Nakatuon ang kursong ito sa makrokasanayang pakikinig at pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa paggamit ng iba't ibang tradisyonal at modernong midya na makabuluhan sa kontekstong Pilipino sa iba't ibang antas at larangan* (Tanggol Wika, 2018).

Batay sa saklaw at tunguhin ng kursong KOMFIL ay isinagawa ang pananaliksik upang tuklasin ang mga karanasan ng mga gurong mag-aaral sa paggamit ng WIKAalaman bilang kagamitang panturo sa kursong Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Nilayon din nitong matukoy ang mga pangunahing kalakasan at kahinaan ng nasabing *web-based* na kagamitang pampagtuturo batay sa kanilang aktuwal na karanasan. Bukod dito, sinikap ng pag-aaral na makalikom ng mga mungkahi mula sa mga kalahok na nagsilbing batayan sa patuloy na pagpapaunlad ng WIKAalaman bilang isang makabago at epektibong kagamitang pampagtuturo.

Suliranin ng Pananaliksik

Batay sa layunin ng pananaliksik, sinikap nito na matugunan ang sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Paano inilarawan ng mga gurong mag-aaral ang kanilang pangkalahatang karanasan sa paggamit ng WIKAalaman bilang kagamitang pampagtuturo sa wikang Filipino?
2. Ano ang mga kalakasan ng WIKAalaman na natukoy ng mga gurong mag-aaral batay sa kanilang aktuwal na paggamit nito?
3. Ano ang mga kahinaan o limitasyon ng WIKAalaman na natukoy ng mga gurong mag-aaral batay sa kanilang aktuwal na paggamit nito?
4. Ano ang mga pagbabago o pagpapahusay na iminungkahi ng mga gurong mag-aaral upang higit na mapahusay ang WIKAalaman bilang web-based na kagamitang pampagtuturo sa wikang Filipino?

Metodolohiya

Sa hangaring maunawaan ang mga karanasan ng mga gurong mag-aaral sa paggamit ng WIKAalaman at matukoy ang mga kalakasan, kahinaan, at mga iminungkahing pagpapahusay nito bilang isang web-based na kagamitang pampagtuturo ay gumamit ang mga mananaliksik ng kuwalitatibong pamamaraan. Sa partikular, inilapat ang ang *phenomenological* na dulog upang masusing mailarawan at matuklasan ang naging danas ng mga gurong mag-aaral kaugnay ng paggamit ng nasabing kagamitang pampagtuturo. Ayon kay Cheeli (2024), ang *phenomenology* ay isang dinamiko at masistemang dulog na naglalayong unawain ang mga karanasan, motibasyon, at kilos ng mga tao upang mailahad ang kanilang mga pananaw batay sa sariling pagpapalagay at hamunin ang mga nakasanayang paniniwala o tradisyunal na kaalaman.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay tinukoy sa pamamagitan ng *simple random sampling* upang matiyak na ang bawat miyembro ng populasyon ay may pantay na pagkakataong mapabilang sa pananaliksik. Mula sa kabuoang populasyon ng mga mag-aaral sa programang Bachelor of Secondary Education medyor sa Social Studies sa Bataan Peninsula State University–Balanga Campus sa mga taong panuruan 2023–2024 at 2024–2025 na aktuwal na gumamit ng WIKAalaman ay sampung (10) kalahok ang napili bilang kinatawan ng populasyon. Ang *random sampling* ay isa sa pinakasimple at karaniwang teknik sa pananaliksik sapagkat nakatutulong ito sa pagtiyak ng patas na representasyon at pag-iwas sa *bias* sa pagpili ng mga kalahok (Simkus (2023). Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng *semi-structured* na panayam at *focus group discussion*.

Paglalahad Resulta ng Pananaliksik

Inilahad sa bahaging ito ang mga natuklasan ng pag-aaral kaugnay ng mga naging karanasan ng mga gurong mag-aaral sa paggamit ng WIKAalaman bilang *web-based* na kagamitang pampagtuturo sa kursong Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok ay mayroong limang bahagi na nabuo: (1) Pangkalahatang Karanasan sa Paggamit ng WIKAalaman, (2) Mga Kalakasan ng WIKAalaman, (3) Mga Kahinaan at Limitasyon ng WIKAalaman, at (4) Mga Iminungkahing Pagpapahusay ng WIKAalaman

Unang Bahagi: Pangkalahatang Karanasan sa Paggamit ng WIKAalaman

Tema 1: Positibong Karanasan

Lumitaw na ang kanilang pangkalahatang karanasan sa paggamit ng WIKAalaman ay positibo at makabuluhan sa kanilang pagkatuto sa kursong KONKOMFIL. Binigyang-diin ng mga gurong mag-aaral ang kadalian ng paggamit, malinaw na organisasyon ng mga aralin, at interaktibong disenyo ng plataporma na nakatulong sa pagpapataas ng kanilang interes at aktibong pakikilahok sa pag-aaral.

Ayon sa kalahok blg. 2, *"Ang kabuoang karanasan ko sa paggamit ng WIKAalaman ay positibo at kapaki-pakinabang. Naging madali at mas kawili-wili ang pag-aaral ng KONKOMFIL dahil malinaw ang mga paliwanag at organisado ang mga aralin."* Samantala, binanggit naman ng kalahok blg. 4 na *"Ang paggamit ko ng WIKAalaman ay naging makabuluhang karanasan dahil natulungan akong mapalawak ang aking kaalaman sa wikang Filipino."*

Ipinakita ng mga pahayag na nakatulong ang paggamit ng WIKAalaman sa pagpapadali at pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil sa malinaw na presentasyon ng mga aralin

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

at organisadong nilalaman nito, nagiging mas kawili-wili at makahulugan ang kanilang karanasan sa pag-aaral ng kursong KONKOMFIL.

Kaugnay nito, inilahad nina Rihatno et al. (2023), ang paggamit ng interaktibong website bilang midya ay may positibong epekto sa pagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Lumabas din sa pananaliksik nina Abdulrahaman et al. (2020), na batay sa mga kolektibong pag-aaral hinggil sa epekto ng *Information and Communication Technology* (ICT) sa edukasyon, may positibong impluwensiya ang *multimedia technology* sa paraan ng pagtuturo ng mga guro at sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin.

Ikalawang Bahagi: Mga Kalakasan ng WIKAalaman

Mula sa pagsusuri ng mga tugon ng mga kalahok ay natukoy ang tatlong pangunahing kalakasan ng WIKAalaman.

Tema 1: Malinaw at Organisadong Nilalaman

Binigyang-diin ng mga kalahok ang sistematikong pagkakasunod-sunod ng mga aralin at malinaw na pagpapaliwanag ng mga konsepto o aralin.

Ayon sa kalahok blg. 3, "Mas madali kong naintindihan ang mga paksa dahil maayos ang pagkakasunod-sunod ng impormasyon." Dagdag pa ng kalahok blg. 7, "Ang mga nilalaman po ay ang eksaktong pangangailangan at kailangang matutuhan mula sa asignatura."

Ipinakita ng mga pahayag na ang maayos na estruktura ng website kasama ang wastong nilalaman nito ay nakatulong sa mas mabilis na pag-unawa at aplikasyon ng mga konseptong pangwika. Bilang patunay, isinaad ni Wells (2026), ang estruktura ay nagsisilbing pundasyon na nagbubuklod sa isang website at nakatutulong upang madaling mahanap ng mga gumagamit ang impormasyong kanilang kailangan. Dagdag pa niya, mahalaga ang pag-unawa sa estruktura ng website upang mapabuti ang karanasan ng mga gumagamit nito at mapanatili ang pagiging episyente at makabuluhan nito.

Kaugnay nito, natukoy sa pananaliksik nina Aguila et al. (2022), isa sa mga epektibong kagamitang pampagtuturo ang mga tutorial website sapagkat mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga nilalamang nakapaloob dito.

Tema 2: Pagpapalawak ng Kaalaman sa Filipino

Lumitaw din sa pagsusuri ng datos na nakatulong ang WIKAalaman sa pagpapalalim at pagpapalawak ng kaalaman ng mga gurong mag-aaral sa wikang Filipino.

Ayon sa kalahok blg. 9, *"Nakakatulong ang WIKAalaman sa aking pagkatuto sa Filipino dahil malinaw at madali kong naiintindihan ang aralin."* Samantala, ibinahagi naman ng isa pang kalahok na, *"Mahalaga ito upang mas lumalim at mas lumawak ang aking kaalaman sa paggamit ng wika at mas naging epektibo ito lalo na sa aking pakikipag-usap."*

Lumabas sa mga pahayag na ang paggamit ng WIKAalaman ay nagkaroon ng mahalagang ambag sa pag-unlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Makikita rin na hindi lamang nagsilbing daluyan ng impormasyon ang plataporma kundi nagkaroon din ng kongkretong ambag ang paggamit ng plataporma sa kanilang pag-unlad sa larangan ng wika.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Varona et al. (2022), ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa paggamit ng elektronikong kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sinuri din sa kanilang pag-aaral ang pagiging epektibo ng paggamit ng mga elektronikong kagamitang panturo bilang integratibong pamamaraan sa paglinang ng mataas na antas ng pagsulat sa antas tersyarya.

Tema 3: Interaktibong Gawain at Ugnayan

Ibinahagi rin ng mga gurong mag-aaral bilang mga kalakasan ng WIKAalaman ang pagkakaroon ng mga interaktibong pagsusulit, pagsasanay, at tampok na ugnayan *(contact feature)* na nagsisilbing daluyan ng agarang pagbibigay ng puna o feedback. Nakatulong ang mga elementong ito sa pagpapatibay ng pagkatuto at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral.

Ang interaktibong katangian ng plataporma ay nagbigay-daan sa mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto sa halip na manatili lamang silang pasibong tagatanggap ng impormasyon. Samantala, ang tampok na ugnayan ay nagpadali sa pagpapalitan ng mensahe sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, na nagbigay ng pagkakataong agad na maipahayag ang mga katanungan kaugnay ng kurso at makatanggap ng napapanahong tugon mula sa guro. Ipinamalas ng temang ito na ang mga interaktibong gawain at bukas na komunikasyon sa loob ng plataporma ay mahalagang salik sa paglikha ng mas dinamiko at makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

Kaugnay nito, isinaad nina Rihatno et al. (2023), ang biswal na midya katulad ng interaktibong *website* ay maaaring magsilbing isang kagamitang kaakit-akit at madaling gamitin para sa mga mag-aaral. Binanggit din sa kanilang pag-aaral ang paglalagay ng pagtataya sa binuong website upang masukat ang natutuhan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang website bilang kagamitang pampagtuturo.Samantala, binigyang-diin naman ni Fultz (2025), mahalagang bahagi ng epektibong pagdidisenyo ng website ang pagkakaroon ng contact page sapagkat nagsisilbi itong direktang daluyan ng komunikasyon sa pagitan ng mga gumagamit at ng may-akda o tagapamahala ng website. Nakatutulong din ito sa pagpapabuti ng kabuoang karanasan ng mga gumagamit sa loob ng plataporma.

Ikatlong Bahagi: Mga Kahinaan o Limitasyon ng WIKAalaman

Bagama't positibo ang pangkalahatang karanasan ng mga kalahok ay natukoy rin sa pagsusuri ng datos ang ilang kahinaan o limitasyon ng WIKAalaman.

Tema 1: Teknikal na Hamon

Isa sa mga limitasyong binanggit ng mga kalahok ay ang mga teknikal na suliranin tulad ng mabagal na pag-load ng mga pahina, pangangailangan ng matatag na koneksiyon sa internet, at ilang isyu sa pagiging angkop ng plataporma sa mga mobile na kagamitan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ayon sa isang kalahok, *"May ilang bahagi na medyo mabagal mag-load." Dagdag pa ng isa pang kalahok, "Ito ay nangangailangan ng internet o data connection kaya paminsan-minsan ay nahihirapan akong i-access ito."* Mayroon ding nagbahagi ng karanasan sa paggamit nito sa mobile na kagamitan o *device*: *"Minsan ay medyo tricky ang navigation sa mobile view dahil nagmumukhang siksik ang text, na medyo nakaka-strain sa mata habang nagbabasa."*

Ipinahiwatig ng mga pahayag na ang teknikal na aspekto ng WIKAalaman ay may tuwirang implikasyon sa karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mabagal na pag-access at limitasyon sa pagiging angkop nito sa mga mobile na kagamitan ay maaaring makaapekto sa tuloy-tuloy na pag-aaral at antas ng konsentrasyon ng mga gumagamit. Lumitaw din na mahalagang pagtuunan ng pansin ang teknikal na pagpapahusay ng plataporma upang matiyak ang mas maayos at makabuluhang paggamit nito sa iba't ibang uri ng kagamitan o device.

Bilang suporta rito, ipinahayag nina Akmad et al. (2024), na nakaranas ng pagkaantala sa pagpapasa ng mga gawain ang mga mag-aaral dahil sa hindi maayos na koneksiyon sa internet. Lumabas din sa kanilang pag-aaral na ang mahinang internet access ay nakaaapekto sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral kaya nagkakaroon ng suliranin sa komunikasyon at sa maagap na pagpapasa nga pangkatang gawain. Samantala, sa pananaliksik naman ni Sophonhiranrak (2021), natukoy na ang hindi matatag na koneksiyon sa internet at hindi angkop na laki ng keyboard at screen ng mga ginagamit na device ay kabilang sa mga hadlang sa mobile learning o paggamit ng cellphone sa pag-aaral.

Tema 2: Kakulangan sa Biswal na Pantulong

Nabanggit din ng ilang kalahok na ang kakulangan sa mga elementong biswal ay maaaring makatulong sa mas malinaw na pag-unawa sa nilalaman ng mga aralin. Isinaad sa kanilang mga tugon na ang limitadong gabay na biswal ay nagdudulot ng kalituhan sa pagproseso ng impormasyon.

Ayon sa isang kalahok:

"Para sa akin, hindi sapat ang mga visual representation lalo na kapag masyadong mahaba ang mga teksto kaya nakakalito."

Dagdag pa ng isa:

"Kulang sa visual guide na sana ay makakatulong para mas magets ko agad ang aralin."

Mula sa mga pahayag na ito ay nakita ang pangangailangan para sa integrasyon ng mga elementong biswal upang maging mas malinaw, kawili-wili, at madaling maunawaan ang mga aralin. Ipinahiwatig din na ang angkop na balanse sa pagitan ng teksto at biswal na pantulong ay mahalagang salik sa mas epektibo at makabuluhang pagkatuto.

Ayon kay Rudakova (2024), ang mga biswal na pantulong tulad ng mga larawan, tsart, at slide ay ginagamit sa mga online na presentasyon upang makatulong sa pagpapaliwanag at pagbibigay-diin sa mahahalagang impormasyon. Binigyang-diin din niya na ang paggamit ng angkop na biswal ay nakatutulong upang mas madaling maunawaan ang mga komplikadong ideya at mapanatiling nakatuon ang atensyon ng mga tagapakinig. Dagdag pa niya, mahalagang pumili ng mga larawan at dayagram na sumusuporta sa nilalaman ng presentasyon upang mas madaling matandaan ng mga manonood ang impormasyong inilahad. Sang-ayon sa pananaw na ito ang nailathalang artikulo mula sa EBSCO (2021), maraming bilang ng mga tao ang epektibong nakauunawa ng impormasyon kapag ito ay ipinapakita sa paraang biswal, katulad ng mga dayagram, tsart, bidyo, at larawan. Sa paggamit ng mga elementong biswal ay nilalayon ng mga nasa larangan ng edukasyon na matugunan ang iba't ibang paraan ng pagkatuto at higit na mapalakas ang interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ikaapat na Bahagi: Mga Iminungkahing Pagpapahusay ng WIKAalaman

Narito ang mga mungkahi para sa higit pang pagpapahusay ng WIKAalaman.

Tema 1: Pagdaragdag ng Voice-Assisted Features

Iminungkahi ng karamihan sa mga kalahok ang pagdaragdag ng gabay sa paggamit ng plataporma sa pamamagitan ng speech recognition o audio guide.

Ayon sa isa sa mga kalahok, "Sana ay magkaroon ng speech recognition feature at audio guides para mas mahasa ang oral communication skills." Sang-ayon dito ang isa pang kalahok na nagsabing, "Maganda kung parang may voice guide kami para ma-cater din lahat ng type of learners."

Ipinahiwatig ng mga mungkahing ito ang pangangailangan para sa mas makabagong integrasyong teknolohikal na maaaring magpalawak sa saklaw ng mga kasanayang nalilinang, lalo na sa larangan ng komunikasyong pasalita. Ipinakita rin nito ang hangaring maging mas inklusibo ang WIKAalaman at higit na makatugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, kinilala sa pag-aaral nina Sáiz-Manzanares et al. (2020), na mahalagang isaalang-alang ang paggamit ng voice assistant sapagkat makatutulong ito sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Para naman kina Francis et al. (2021), dahil sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya sa pagbuo ng mga mahusay na voice assistant, naging pangkaraniwan na ang paggamit ng mga virtual assistant sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao.

Tema 2: Pagdaragdag ng mga Interaktibong Gawain

Ninais din ng mga kalahok ang pagdaragdag ng mga interaktibong gawain at larong pang-edukasyon upang higit na mapahusay ang karanasan sa pagkatuto sa WIKAalaman.

Ayon sa isang kalahok:

"Puwedeng magdagdag ng mas maraming interactive activities at games."

Dagdag pa ng isa:

"Nais ko po sanang madagdagan ng mas maraming interactive na gawain ang WIKAalaman. Makakatulong po kasi ito upang maging mas malinaw at mas masaya ang pag-aaral, kaya mas madali naming maiintindihan ang mga aralin."

Ipinakita ng mga pahayag na itinuring ng mga kalahok ang mga interaktibong gawain bilang mahalagang sangkap sa pagpapalinaw ng mga konsepto at pagpapanatili ng interes sa pag-aaral. Nabatid din na ang masigla at aktibong pakikilahok sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

gawain ay nakatulong sa mas madaling pag-unawa at pagproseso ng mga aralin.

Ang paggamit ng *live quiz* o *game-based activity* sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapataas ng pakikilahok, motibasyon, at paglinang ng malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral. Dahil din sa kakayahan nitong umangkop at magsagawa ng pagtataya nang hindi gaanong nakapagdudulot ng pagkabahala sa mga mag-aaral, maaari itong maging isang epektibo at makabagong paraan ng pagtataya na higit na nakatuon sa kanilang pangangailangan (Apeah-Kubi, 2025). Mula naman kina Khuda et al. (2022), ang paggamit ng *digital game-based learning strategy* ay isang mas mabisang paraan upang mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto at malinang ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip.

Konklusyon

Batay sa resulta ng pagsusuri sa karanasan ng mga gurong mag-aaral sa paggamit ng WIKAalaman, narito ang kabuoang konklusyon ng pananaliksik:

1. Positibo at Makabuluhang Karanasan sa Paggamit ng WIKAalaman - Napatunayang positibo ang pangkalahatang karanasan ng mga gurong mag-aaral sa paggamit ng WIKAalaman. Itinuring nila itong madaling gamitin, may malinaw at organisadong presentasyon ng mga aralin, at may interaktibong disenyo na nagpalakas ng kanilang interes at aktibong pakikilahok sa pag-aaral.
2. Epektibong Paglinang ng Kasanayang Pangwika - Nakatulong ang WIKAalaman sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman sa wikang Filipino, partikular sa pagpapahusay ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang sistematikong pagtalakay at interaktibong pagsasanay ay nagbigay-daan sa mas epektibo at makabuluhang pagkatuto.
3. Mahahalagang Kalakasan ng Plataporma - Natukoy na ang malinaw na estruktura ng nilalaman, interaktibong gawain, at bukas na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay mga pangunahing kalakasan ng WIKAalaman. Ang mga tampok na ito ay nag-ambag sa mas mataas na antas ng pakikilahok, pagpapanatili ng natutuhan, at pagpapanatili ng motibasyon ng mga mag-aaral.
4. Mga Limitasyon na Nangangailangan ng Pagpapahusay - May ilang limitasyon o hamon ang WIKAalaman, kabilang ang teknikal na suliranin tulad ng mabagal na pag-load ng mga pahina, pangangailangan ng matatag na koneksiyon sa internet, at ilang isyu sa pagiging angkop ng plataporma sa mga *mobile* na kagamitan. Ang mga limitasyong ito ay nagsilbing mahalagang batayan para sa patuloy na pagpapabuti ng plataporma.
5. Malinaw na Potensyal para sa Karagdagang Pag-unlad - Ipinakita ng mga mungkahi ng mga kalahok ang pangangailangan sa paglalagay ng mga *voice-assisted features* bilang makabagong tampok na teknolohikal ng *web-based tool*, gayundin ang pagdaragdag ng mas marami pang interaktibong gawain. Ipinahiwatig nito na ang WIKAalaman ay may malinaw na potensyal na higit pang mapaunlad upang maging mas inklusibo, makaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, at higit na tumugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto sa hinaharap.

Rekomendasyon

Kaugnay ng mga natukoy na resulta, iminungkahi ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Pagpapabuti ng Aspektong Teknolohikal at Pagiging *Accessible* - Inirerekomenda ang pagpapahusay ng plataporma upang maging higit na umangkop ito sa mabagal na koneksiyon sa *internet*. Maaaring isaalang-alang ang pagkakaroon ng akses na hindi nangangailangan ng tuloy-tuloy na *internet* o ang pagkakaloob ng mga materyal na maaaring ma-*download*. Nararapat ding tiyakin na ang disenyo ng WIKAalaman ay ganap na angkop sa iba't kagamitan o device.
2. Pagdaragdag ng mga Biswal at Tunog na Pantulong - Iminumungkahi ang pagpapayaman ng WIKAalaman sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga grapiko, tsart, larawan, at iba pang pantulong na biswal upang higit na mapadali ang pag-unawa sa mga aralin. Makabubuti ring maglagay ng *voice search/assistance* upang mapadali ang pag-*navigate* ng kagamitang pampagtuturo.
3. Pagpapalakas ng mga Gawaing Interaktibo at Mekanismo ng Pagbibigay ng Puna - Mahalagang mapalawak pa ang mga interaktibong gawain tulad ng mga pagsusulit at iba pang aktibidad na nagpapalakas ng pakikilahok ng mag-aaral. Maaaring isaalang-alang din ang pagkakaroon ng awtomatikong tagatugon para sa agarang pagbibigay ng tugon at mekanismo sa pagsubaybay sa pag-unlad ng bawat mag-aaral.
4. Para sa mga Guro at Mag-aaral - Hinihikayat ang mga guro at mag-aaral na gamitin ang WIKAalaman bilang karagdagang kagamitang panturo sa loob at labas ng silid-aralan. Nararapat ding lubos na magamit ang mga interaktibong tampok ng plataporma at patuloy na magbigay ng puna upang higit pa itong mapahusay.
5. Para sa Hinaharap na Pananaliksik - Iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga karagdagang pananaliksik upang masuri ang pangmatagalang epekto ng WIKAalaman, kabilang ang implikasyon nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kursong KONKOMFIL. Maaari ding magsagawa ng paghahambing sa epekto nito sa iba't ibang programa o medyor upang matukoy kung pare-pareho ang bisa ng plataporma. Bukod dito, maaari ding gumamit ng eksperimental o quasi-eksperimental na disenyo upang masukat ang pagkakaiba sa kinalabasan ng pagkatuto sa pagitan ng mga gumagamit at hindi gumagamit ng WIKAalaman.

TALASANGGUNIAN

1. *Abdulrahaman, A., Faruk, N., Oloyede, A. A., Surajudeen-Bakinde, N. T., Olawoyin, L. A., Mejabi, O. V., Imam-Fulani, Y. O., Fahm, A. O., & Azeez, A. L. (2020). Multimedia tools in the teaching and learning processes: A systematic review. Heliyon, 6(11), e05312. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2020.e05312*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

2. *Aguila, C. M. G., et al. (2022). Effectiveness of common online educational tools as assistants in online learning among DLSU-SHS students. DLSU Research Congress. https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1134&context=conf_shsrescon*
3. *Akmad, A. P., & Abatayo, A. L. (2024). Caught in the slow lane: Effects of unstable internet connectivity on accessing academic resources and collaborative learning. Journal of Interdisciplinary Perspectives, 2(9), 278–286. https://doi.org/10.69569/jip.2024.0370*
4. *Antipolo, A. M. R., Paz, J. E. C., David, M. A., & Ferrer, A. T. (2024). The impact of technological advancements on the academic performance of senior high school students. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(5), 792–804. https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i5n14*
5. *Apeah-Kubi, D. (2025). Interactive learning for impact: Game-based learning in social work education. Journal of Teaching in Social Work, 45(3), 623–641. https://doi.org/10.1080/08841233.2025.2469565*
6. *Berondo, R. G., & Dela Fuente, J. A. (2021). Technology exposure: Its relationship to the study habits and academic performance of students. UTAMAX: Journal of Ultimate Research and Trends in Education, 3(3), 125–141. https://doi.org/10.31849/utamax.v3i3.7280*
7. *Cheeli, B. P. (2024). Process of phenomenology as a qualitative research method in English. International Journal of Methodology, 3(1), 1–20.*
8. *EBSCO. (2021). Visual learning. https://www.ebsco.com/research-starters/education/visual-learning*
9. *Francis, R., Richard, H. A., Manda, R. N., & Niriarijaona, R. H. (2021). Voice user interface: Literature review, challenges, and future directions. American Journal of Computer Science and Information Technology, 9(10), 113.*
10. *Fultz, C. (2025). The role of contact pages in effective website design. https://christopherfultz.com/blog/the-role-of-contact-pages-in-effective-website-design*
11. *Khuda, B., Muhammad, H., Shumaila, S., Bushra, N., & Muhammad, F. F. (2022). Effectiveness of digital game-based learning strategy in higher educational perspectives. Journal of Education and e-Learning Research, 9(4), 258–268. https://doi.org/10.20448/jeelr.v9i4.4247*
12. *Llego, M. A. (2022). 21st century learning: What it is and why it's important. TeacherPH. https://www.teacherph.com/21st-century-learning/*
13. *Lynch, M. W., Dominelli, L., & Cuadra, C. (2023). Information and communication technology during COVID-19. Social Work Education, 42(1), 1–13. https://doi.org/10.1080/02615479.2022.2040977*
14. *Rihatno, T., Amanda, F., Marini, A., Sagita, J., Safitri, A., & Maksum, A. (2023). Development of interactive websites to increase learning interest in physical education. Cypriot Journal of Educational Sciences, 18(1). https://doi.org/10.18844/cjes.v18i1.8262*
15. *Rudakova, O. (2024). The role of visual aids in online presentations. LinkedIn. https://www.linkedin.com/top-content/future-of-work/creating-effective-virtual-meetings/the-role-of-visual-aids-in-online-presentations/*
16. *Sáiz-Manzanares, M. C., Marticorena-Sánchez, R., & Ochoa-Orihuel, J. (2020). Effectiveness of using voice assistants in learning: A study at the time of COVID-19. International Journal of Environmental Research and Public Health, 17(15), 5618. https://doi.org/10.3390/ijerph17155618*
17. *Sarmiento, J. R., & Reyes, C. B. (2025). WIKAalaman: Pagdisenyo ng web-based tool bilang kasangkapan ng pagkatuto sa kursong Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 5(2), 85–104. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/04/2-IJAMS-FEBRUARY-2025-85-104.pdf*
18. *Simkus, J. (2023). Simple random sampling method: Definition & example. Simply Psychology. https://www.simplypsychology.org/simple-random-sampling.html*
19. *Sophonhiranrak, S. (2021). Features, barriers, and influencing factors of mobile learning in higher education: A systematic review. Heliyon, 7(4), e06696. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2021.e06696*
20. *Tanggol Wika. (2018). Kopya ng CMO No. 4 Series of 2018 at 5 silabus sa Filipino at Panitikan. ResearchGate.https://www.researchgate.net/publication/324983371_Kopya_ng_CMO_No_4_Series_of_2018_at_5_Silabus_sa_Filipino_at_Panitikan*
21. *Wells, S. (2026). Types of website structure: A complete guide. Slickplan. https://slickplan.com/blog/types-of-website-structure*